SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-37

**"ISANG KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY SENATOR-ELECT IGG. CHRISTOPHER LAWRENCE TESORO 'BONG' GO, NA NAWA'Y MABIGYAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS NG DIALYSIS MACHINE, X-RAY MACHINE AT IBA PANG MGA MEDICAL EQUIPMENTS UPANG MAPALAWAK ANG SERBISYONG MEDIKAL NG BUSTOS COMMUNITY HOSPITAL".**

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Orlando L. De Guzman**
at
**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: ______
Date: JUL 08 2019 Time: ______

**SAPAGKA'T,** maraming mamamayan ng bayan ng Bustos, Bulacan ang nangangailangan ng gamot sa kanilang karamdaman;

**SAPAGKA'T,** maraming mga kapus-palad na pikit matang tumutuloy sa mga pribadong ospital para lamang magpagamot;

**SAPAGKA'T,** mayroong Bustos Community Hospital sa Bayan ng Bustos na maaaring puntahan sa panahon ng pangangailangang medikal subalit ito ay kulang sa gamit;

**SAPAGKA'T,** sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang mas mapapabuti kung maitataas ang antas ng serbisyong medikal upang makatulong sa mas madaming mamamayan ng Bustos maging ang mga karatig bayan nito.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN** at **IGG. JELIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na hilingin kay senator-elect Igg. Christopher Lawrence Tesoro "Bong" Go, na nawa'y mabigyan ang Pamahalaang Bayan ng Bustos ng dialysis machine, x-ray machine at iba pang mga medical equipments upang mapalawak ang serbisyong medikal ng Bustos Community Hospital.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-10 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **JULIET DJ. DELA CRUZ** | **FRANCIS ALBERT G. JUAN** |
| Pinuno ng Minorya | |

**LEO T. SANTOS**
Kasangguni

**EDWIN N. DE GUZMAN**
Kasangguni

**ORLANDO L. DE GUZMAN**
Kasangguni

**ROMULO DF. LAZARO**
Kasangguni

**APRILLE KEITH M. LAZARO**
Kasangguni

**ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
Pinuno ng Mayorya

**MARTIN SJ. ANGELES**
ABC President

**ANGELICA L. DE LEON**
SK President

***Pinagtitibay:***

**LEONARDO L. LEONCIO**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim